# Supplemental Security Income (SSI) para sa mga Hindi Mamamayan

## Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Sino ang maaaring makakuha ng Supplemental Security Income? | 1 |
| Ang ibang mga hindi mamamayan na maaaring karapat-dapat para sa mga pagbabayad ng SSI ay: | 2 |
| Pitong taon na limitasyon para sa ilang mga hindi mamamayan | 2 |
| Mga Credit sa Trabaho | 2 |
| Kailangan namin ang katibayan ng inyong katayuan | 3 |
| Impormasyon tungkol sa Medicaid | 3 |
| Maaari kayong magsampa ng isang bagong claim | 3 |
| Kung mayroon kayong sponsor | 3 |
| Mga numero ng Social Security | 3 |
| Pagiging isang Mamamayan | 4 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 4 |


## Sino ang maaaring makakuha ng Supplemental Security Income?

Karaniwan, kung kayo ay hindi mamamayan na nasa isa sa ilang mga kategorya ng imigrasyon na ipinagkaloob ng Department of Homeland Security (DHS), maaari kayong karapat-dapat sa SSI kung:

- Kayo ay legal na naninirahan sa Estados Unidos noong Agosto 22, 1996, at kayo ay bulag o may kapansanan; o
- Kayo ay tumanggap ng SSI noong Agosto 22, 1996, at legal kayong naninirahan sa Estados Unidos; o
- Kayo ay legal na tinanggap para maging legal na naninirahan sa ilalim ng Immigration and Nationality Act (INA) at kayo ay may total na 40 credit sa trabaho sa Estados Unidos. (Maaaring kabilang rin ang trabaho ng inyong asawa o magulang.)

***TANDAAN:*** *Kung kayo ay dumating sa bansa ng Estados Unidos sa o makalipas ang petsang Ago. 22, 1996, sa gayon ay maaaring hindi kayo karapat-dapat para sa SSI para sa unang limang taon bilang isang legal na tinanggap bilang permanenteng residente, kahit na mayroon kayong 40 credit para sa mga kinita.*

## Ang ibang mga hindi mamamayan na maaaring karapat-dapat para sa mga pagbabayad ng SSI ay:

- Mga aktibong nagtatrabahong mga miyembro ng sandatahang lakas ng Estados Unidos;
- Mga hindi mamamayan ng Estados Unidos na miyembro ng kinikilala ng pederal bilang mga Indian tribe;
- Ilang mga hindi mamamayan na dumating sa bansa bilang mga Amerasian na imigrante;
- Mga Cuban/Haitian na dumating sa bansa sa ilalim ng Refugee Education Assistance Act;
- Ilang mga biktima ng malulubhang uri ng human trafficking; at
- Ilang mga Iraqi o Afghan na espesyal na imigrante na dumating sa bansa bilang mga legal na permanenteng residente.

May iba pang maaaring karapat-dapat para sa mga pagbabayad. Kung hindi kayo mamamayan at nais na mag-apply para sa mga benepisyo ng SSI, makipag-ugnayan sa amin para makita kung kayo ay karapat-dapat.

## Pitong taon na limitasyon para sa ilang mga hindi mamamayan

Ang ilang mga refugee at ibang mga hindi mamamayan ay maaaring makakuha ng SSI ng hanggang pitong taon. Kung ang inyong mga bayad na mula sa SSI ay limitado sa pitong taon dahil sa inyong partikular na katayuan bilang isang hindi mamamayan, magpapadala kami ng isang liham na inyo na nagsasabi kung kailan magtatapos ang inyong pitong taon na takdang panahon. Magpapadala kami ng isa pang liham na nagpapaliwanag sa inyong mga karapatan na mag-apela bago namin ihinto ang mga bayad sa inyo.

Kung kayo ay kasalukuyan o dating tumatanggap ng SSI na maaaring karapat-dapat para sa SSI sa ilalim ng pitong taong limitasyon, at kayo ay nag-apply para maging isang mamamayan, hinihikayat namin kayo na makipag-ugnayan sa U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) para malaman kung paano:

- Mapabilis ang pagpoproseso ng inyong nakabinbin na naturalisasyon (N-400) o pag-aayos sa katayuan (I-485) na application; at
- Ipaubaya ang mga singilin para sa mga kaugnay na gastusin sa pagsu-sumite ng mga application na ito.

Kayo (o ang inyong kinatawan) ay maaaring tumawag sa USCIS nang walang bayad sa toll sa numerong **1-800-375-5283** (hintayin ang opsyon ng SSI sa main menu**)** o sa **1-800-767-1833** kung kayo ay bingi o may kahirapan sa pandinig (TTY), at humiling ng isang pinabilis na pagpoproseso. Maaari rin ninyong hilingin ang isang pinabilis na pagpoproseso sa pamamagitan ng kasulatan o pagpunta sa lokal na tanggapan ng USCIS. Tiyakin na sabihin sa kanila na kayo ay kasalukuyan o dating tumatanggap ng SSI. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng USCIS, o bumisita sa website ng USCIS sa ***www.USCIS.gov/feewaiver***.

***TANDAAN:*** *Ang takdang panahon na pitong taon para maging karapat-dapat sa SSI para sa mga refugee, mga asylee, at ilang mga humanitarian na imigrante, kasama na ang mga biktima ng human trafficking, ay pinapatagal ng dalawang taon (o hanggang tatlong taon sa ilalim ng ilang partikular na kondisyon) sa panahon mula Okt. 1, 2008 hanggang Set. 30, 2011. Lubos pang matutunan sa pamamagitan ng pagbisita sa* ***www.socialsecurity.gov/pubs/11051-sup.html***.

## Mga Credit sa Trabaho

Ang kasaysayan sa trabaho ng isang tao ay nagpapasya sa kaniyang pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo mula sa Social Security, at pati na rin ang pagiging karapat-dapat para sa SSI para sa ilang mga hindi mamamayan. Ang tao ay nakaka-ipon ng credit sa trabaho batay sa halaga ng kinitang pera. Ang halaga na kailangan para maka-ipon ng credit sa trabaho ay tumataas ng bahagya sa bawat taon habang tumataas rin ang average na antas ng kita.

Para sa mga benepisyo sa Social Security, ang tao ay maaaring kumita ng maximum na hanggang apat na credit kada taon btay

*(kabila)*

sa kaniyang sariling kita. Ang isang hindi mamamayan ay maaaring makatanggap ng mga karagdagang credit kada taon batay sa trabaho ng asawa o magulang.

Nananatili ang mga credit sa trabaho sa rekord sa trabaho ng isang tao nang walang takdang panahon. Ang mga dagdag na credit sa trabaho na galing sa trabaho o magulang ay nakakatulong para maging karapat-dapat ngunit hindi nakalagay sa rekord sa trabaho ng hindi mamamayan at hindi mabibilang sa pagpapasya sa halaga ng mga benepisyo. Para sa karagdagang impormasyon, hanapin ang *How You Earn Credits (Paano Kayo Nakaka-ipon ng Mga Credit)* (Num. ng Publikasyon ng SSI 05-10072).

## Kailangan namin ang katibayan ng inyong katayuan

Kapag naga-apply para sa SSI, kailangan ninyong patunayan ang inyong katayuan bilang isang hindi mamamayan. Ang mga hindi mamamayan na naglingkod sa sandatahang lakas ng Estados Unidos ay maaaring kailangan rin magbigay sa amin ng katibayan ng paglilingkod sa militar. Heto ang mga halimbawa ng mga bagay na maaaring kailangan ninyong ibigay:

- Bilang katibayan ng inyong katayuan bilang isang hindi mamamamayan — isang pinakabagong Form I-94 (rekord ng pagdating/pag-alis sa bansa), o I-551 (card ng legal na permanenteng residente) mula sa DHS o isang kautusan mula sa hukom ng imigrasyon na pinapahinto ang deportasyon o pagkakaloob ng asylum; o
- Bilang katibayan ng paglilingkod sa militar — Mga dokumento sa pagkakadismi mula sa militar ng Estados Unidos (DD Form 214) na nagpapakita ng isang “honorable dischange” na hindi batay sa inyong katayuan bilang isang hindi mamamayan.

Masasabi sa inyong ng inyong lokal na tanggapan ng Social Security kung anong mga uri ng katibayan ang maaari ninyong isumite para mapatunayan ang inyong katayuan.

## Impormasyon tungkol sa Medicaid

Kung kayo ay may pagkakasakop sa Medicaid batay sa inyong SSI, ang inyong Medicaid ay dapat na magpatuloy habang kayo ay nakakatanggap ng SSI.

## Maaari kayong magsampa ng isang bagong claim

Kung ang mga bayad sa inyo ng SSI ay huminto dahil hindi kayo isang karapat-dapat na mamamayan, maaari kayong mag-apply muli. Makipag-ugnayan sa amin kaagad kung magbago ang inyong katayuan sa imigrasyon, o kung kayo ay naging mamamayan ng Estados Unidos, at sa inyong palagay ay kuwalipikado kayo, o mayroon kayong 40 credit sa trabaho. Kailangan ninyong dalhin sa amin ang inyong sertipiko ng naturalisasyon o iba pang mga dokumento para maipakita ang inyong kasalukuyang katayuan sa imigrasyon.

## Kung mayroon kayong sponsor

Kapag kayo ay dumating sa Estados Unidos, maaaring mayroong lumagda sa isang kasunduan para magbigay suporta sa inyo. Ang kasunduang ito ay tinatawag na affidavit ng suporta, at ang taong lumagda dito ay tinatawag na inyong sponsor.

Isinasama namin ang isang bahagi ng kita at ang mga pinagkukuhanan nito ng kita ng inyong sponsor at ng kaniyang asawa bilang sa inyo mula sa oras na kayo ay dumating sa Estados Unidos. Maaari kayong mabigyan ng karagdagang impormasyon ng lokal na tanggapan ng Social Security tungkol sa mga tuntunin na ito, at kung ano ang kahulugan ng mga ito sa inyo.

## Mga numero ng Social Security

Kung kayo ay legal na dumating sa bansa na hindi mamamayan na may permiso para magtrabaho sa Estados Unidos, maaaring kailanganin ninyo ng numero ng Social Security. Hanapin ang *Social Security Numbers for*

*(kabila)*

*Noncitizens (Mga Numero ng Social Security para sa Mga Hindi Mamamayan)* (Num. ng Publikasyon 05-10096).

## Pagiging isang Mamamayan

Para lubos pang matutunan kung paano maging isang mamamayan ng Estados Unidos, tumawag ng walang bayad sa toll sa USCIS sa **1-800-375-5283** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa TTY na numero sa **1-800-767-1833**). Maaari rin kayong makipag-ugnayan sa inyong lokal na tanggapan ng USCIS, o bumisita sa kanila online sa ***www.uscis.gov***.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-11051-TL | August 2017
Supplemental Security Income (SSI) para sa mga Hindi Mamamayan
Supplemental Security Income (SSI) For Noncitizens (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito